AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 36**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 36** |
|---|
| Theme: Ang Adventures ni Captain Kalikasan - "Captain Kalikasan: Ang Simula" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |
| **Captain Kalikasan: Ang Simula**<br><br>**WRITING PROMPT LESSON 36**<br><br>---<br>**I.Pagbati**<br>Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!<br><br>**II.Writing Prompt of the Day**<br>Sa araw na ito, matutunghayan natin kung paano nagsimula ang superhero na taga-pagtanggol ng ating kalikasan. Ating kilalanin si Captain Kalikasan!<br><br>Isang gabing tahimik habang ikaw ay naglalakad pauwi galing ng school ay may isang kakaibang mama na lumapit sa iyo. Makikita sa kanyang mukha ang pagod. Ito ang kanyang winika sa iyo:<br><br>"Nagmula ako sa kabilang dulo ng mundo at dito ako dinala ng susi. Isa ka sa mga tagapagligtas." |

Ibinigay niya sa iyo ang isang susi at naglahong parang bula. Biglang gumalaw ang susi sa iyong kamay at naglabas ng nakakasilaw na liwanag. Pagkamulat mo'y narinig mo ang isang boses sa iyong utak. "Captain Kalikasan"

Ikaw na si Captain Kalikasan, ang tagapagtanggol ng Inang Kalikasan! Ikaw rin ay may magandang costume at kapangyarihan. Ating kilalanin ang iyong sarili bilang Captain Kalikasan:

•Ano ang iyong kapangyarihan bilang tagapagtanggol ng kalikasan?
•Bakit ito ang napili mong kapangyarihan?
•Ano ang itsura ng iyong costume? Ano ang kulay nito? May mga palamuti sa iyong costume?
•Meron ka bang mga sandatang tutulong sa iyo sa laban? Ano ito?
•Ano ang iyong magiging pangako sa ating kalikasan?

**III.Teacher's Message**

Buuin ang inyong kwento ng pagsisimula o ang inyong origin story bilang isang superhero! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."